**INTERNATIONAL NAPASA ( April 23h, 2024 )**

## 1) PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa April 28 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUIM

湘南ベルマレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 6 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***SAGANTOSU.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 4:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売会のお知らせ

Sa April 26 (Friday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta rin ang Ja Shonan ng mga lokal na gulay. Magbebenta ng mga daing at gulay mula 2:00 ng hapon at magbebenta naman ng sariwang isda mula 3:00 ng hapon. Ito ay matatapos hanggang sa maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 4) UKOL SUPORTANG PINANSIYAL PARA SA FATHER'S CHILDCARE LEAVE

育休パパ応援支援金のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ang mga amang nakakuha ng ***CHILCARE LEAVE*** ay magbibigyan ng suportang pinansiyal kung makamit ang mga kondisyon sumusunod na kondisyon:

1. Nakatala sa Resident Registry
2. Sa loob ng 8 linggo matapos ipanganak ang bata ay nakakuha ng ***CHILD CARE LEAVE*** ng 4 na linggo o higit pa.

3. Ipinganak ang bata ng March 4, 2024 o higit pa at nakakuha ng ***CHILD CARE LEAVE*** mula April 1 o higit .
4. Dumalo ng **"*MOTHER FATHER CLASSROOM"*** sa Hiratsuka City

Para sa mga detalyeng kondisyon ay makikita sa ***Home page*** ng siyudad o tumawag sa ***HEALTH SECTION (KENKO KA)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-55-2111 ( 0463-55-2111 ).**